
2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Pagbibigay ng Kahulugan sa mga Salita



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Filipino – Baitang 2
Alternative DeliveryMode
Ikaaapat na Markahan – Modyul 1: Pagbibigay ng Kahulugan sa mga Salita

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat: | Marian M. Dondriano |
| Patnugot ng Wika: | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| Tagasuri: | Edquel M. Reyes MLIS |
| | Alma T. Bautista PhD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| Tagaguhit: | Isagani D. Tique, Norman B. Cruz |
| Tagalapat: | Armando Deogines A. Garcia, Norman B. Cruz |
| Tagapamahala: | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Ronilo Al K. Firmo PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Engr. Edgard C. Domingo PhD, CESO V |
| | Leondro C. Canlas PhD, CESE |
| | Elizabeth O. Latorilla PhD |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 8
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Pagbibigay ng Kahulugan sa mga Salita

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Filipino Baitang 2** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagbibigay ng Kahulugan sa mga Salita.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

> *Mga Tala para sa Guro*
> Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagbibigay ng Kahulugan sa mga Salita!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago tumungo sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa mg kaugnay Na kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Pagkatapos ng aralin na ito, inaasahan na mabibigyan ng kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng kasingkahulugan at kasalungat, sitwasyong pinaggamitan ng salita*(context clues)*, pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita. **(F2WG-IIg-h-5)**.

# *Subukin*


Panuto: Isulat sa sagutang papel ang tamang letra upang mabuo ang kahulugan ng mga salita. Gawing patnubay ang mga pahiwatig na letra.

| | |
|---|---|
| **daglian** | 1. a __ a d |
| **mahusay** | 2. m __ g __ l i n g |
| **nakalipas** | 3. n a k __r __ a n |
| **maligaya** | 4. m __ s__ y a |
| **matatag** | 5. m __ t i b __ y |

# Aralin 1 — Pagbibigay ng Kahulugan sa mga Salita

Ang pagbibigay ng kasingkahulugan at kasalungat, sitwasyong pinaggamitan ng salita, pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita ay nakatutulong sa pag-alam ng kahulugan ng isang salita.

Ito ay nagsisilbing gabay upang madaling matukoy at higit na mauunawaan ang kahulugan ng isang salita. Madali mong mahahanap ang sagot sa salitang iyong binibigyang-kahulugan kung ginagamitan ito ng sapat na impormasyon tungkol sa salita.




## *Balikan*

Sa nakaraang aralin natutunan mo ang paggamit ng mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan.

Panuto: Tukuyin ang salitang kilos ng sumusunod na mga larawan. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel

1. 

   a. kumakain
   b. nagsusuklay
   c. naglalaro

2. 

   a. kumakain
   b. nagsusulat
   c. nagwawalis

3. 

a. naglilinis
b. nagdarasal
c. nagsasayaw

4. 

a. nagluluto
b.nagbabasa
c. nagwawalis

5. 

a. naglalakad
b. naglalaba
c. nagwawalis




## *Tuklasin*

Alam mo ba ang ibig sabihin ng salitang kaibigan? Mayroon ka rin bang kaibigan? Anong madalas ninyong ginagawa ng iyong kaibigan?

Sa aralin na ito, tutulungan ka na makapagbigay ng kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagbibigay kasingkahulugan at kasalungat, sitwasyong pinaggamitan ng salita, pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita na makikita sa kuwento.

## Ang Magkaibigan

ni Marian M. Dondriano




Isang araw, niyaya ni Mila si Ana na maglaro sa loob ng kanilang bahay. Inilabas ni Mila ang lahat ng kanyang mga laruan pati ang isang munting manika na paborito niya sa lahat. Sila ay masayang naglaro.

Lumipas ang ilang oras, nakaramdam ng gutom si Ana kaya siya ay umuwi na.


Hinanap ni Mila ang kanyang paboritong manika, ngunit hindi niya ito makita. Pinagbintangan niya ang kaniyang kaibigan na kinuha ito.

Kinabukasan, hindi pinansin ni Mila si Ana. Hindi rin siya nakipaglaro sa kaibigan. Kaya't umuwing malungkot si Ana.

Isang araw iniabot ng ina ni Mila ang kaniyang manika at sinabing nakita niya ito na nakasiksik sa upuan. Nanghina si Mila dahil sa maling hinala sa kaniyang kaibigan.



Pinuntahan agad ni Mila ang kaniyang kaibigan. Niyakap niya ito at humingi ng paumanhin sa kanyang nagawa. Pinatawad naman siya ni Ana sa kaniyang nagawa.



Panuto: Sagutin ang mga tanong upang matiyak ang iyong pagkaunawa sa nabasang kuwento. Isulat ang Opo o Hindi po sa iyong sa sagutang papel.

1. Ang natulog ba ay kasalungat ng nagising?
2. Ang ibig sabihin ba ng gutom ay busog?
3. Kapag ikaw ba ay humingi ng paumanhin ikaw ay humingi din ng patawad?
4. Ang masaya ba sa kuwento ay malungkot?
5. Ang munting manika ay tulad din ba ng maliit na manika?

## *Suriin*

Ang dalawang salitang magkatulad ang ibig sabihin ay tinatawag na **magkasingkahulugan.**

Halimbawa: **Matalim** ang kutsilyo, ito'y **matalas** na bagay na hindi dapat paglaruan.

Ang **matalas** at **matalim** ay pareho ang ibig sabihin, ito ay halimbawa ng magkasingkahulugan na salita.

Ang dalawang salitang magkaiba ang ibig sabihin ay tinatawag na **magkasalungat.**

Halimbawa: **Mataas** ang lipad ng agila. **Mababa** naman ang lipad ng kalapati.


Ang mataas at mababa ay dalawang salitang magkaiba ang ibig sabihin, ito ay halimbawa ng magkasalungat na salita.


Panuto: Tignan ang mga larawan sa ibaba. Piliin ang


tamang salita sa loob ng kahon na ipinapakita sa bawat larawan. Pagkatapos, isulat ang kasalungat na salita nito sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| payat | gabi | mataas |
| mahaba | mabilis | marumi |


Halimbawa:  <u>marumi- malinis</u>

1.  ___________ - ___________

2.  ___________ - ___________

3.  ___________ - ___________

4.  __________ - __________

5.  __________ - __________



*Mga Tala para sa Guro*

Gawin mo ang iba't ibang mga gawain sa ibaba sa tulong ng iyong magulang o tagapagturo.

## Gawain 1

Panuto: Gamit ang mga salitang nasa loob ng kahon, piliin ang kasingkahulugan ng sumusunod na mga salita. Gamiting gabay ang mga salita na nasa loob ng kahon. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| nanlambot | tunay | paborito |
| nabigla | maliit | mabango |

1. gustong-gusto ____________________

2. nanghina ____________________

3. munti ______________________

4. nagulat ______________________

5. totoo ______________________

**Gawain 2**

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang kasalungat ng salitang nakasalungguhit sa bawat pangungusap.

1. Tahimik ang aming pamayanan.
   (payapa, magulo, maayos)

2. Maputi ang suot na damit ni Eba.
   (marumi, maitim, malinis)

3. Mataba ang alaga kong pusa.
   (maliit, payat, marunong)

4. Tama lahat ng sagot ko sa aming pagsusulit.
   (mali, wasto, magulo)

5. Mayaman ang pamilyang Ramos.
   (mahirap, masalapi, matayog)

## Gawain 3

Panuto: Isulat ang **K** kung ang dalawang salita sa loob ng kahon ay magkasingkahulugan o **S** kung magkasalungat. Isulat ang iyong sagot sa sugatang papel.

1. maputi-maitim
2. malinis-marumi
3. mababa-mataas
4. madami-konti
5. malakas-mahina



# *Isaisip*

Ating tandaan na mas madaling maunawaan ang salitang hinahanapan ng kahulugan sa pamamagitan ng pagbibigay ng **kasingkahulugan** o salitang magkatulad ang ibig sabihin at **kasalungat** o salitang magkaiba ang ibig sabihin, sitwasyong pinaggamitan ng salita, pagbibigay ng halimbawa, at paggamit ng pormal na depinisyon ng salita. Ito ay mga gabay upang lalong maunawaan ang kahulugan ng salitang hinahanapan ng kahulugan.

## Isagawa

Panuto: Hanapin ang kasingkahulugan ng mga salitang nakasalungguhit sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Matalim ang kutsilyo, ito'y matalas na bagay na hindi dapat paglaruan.

2. Pandak daw si Mina dahil maliit ang kanyang mga magulang.

3. Mahirap ang buhay ni Mina, ngunit nagsikap siya upang hindi manatiling dukha.

4. Magandang tignan ang luntiang paligid tulad ng mga berdeng dahon.

5. Ang mga tao ay payapa kung ang paligid ay tahimik.

## *Tayahin*

Panuto: Pagtambalin ang salita sa **Hanay A** sa kahulugan nito sa **Hanay B**. Isulat letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Isang pagamutan | a) manika |
| 2. Isang halamanan | b) hardin |
| 3. Isang laruang pambabae | c) ospital |
| 4. Isang manggagamot | d) basurahan |
| 5. Ito ay isang sisidlan ng basura | e) doktor |

## Karagdagang Gawain

Magbasa ng isang paborito mong kuwento na napag-aralan mo sa baitang na ito. Pumili ng limang salita mula sa kuwento na nabasa mo at magbigay ng kasingkahulugan at kasalungat upang malaman ang kahulugan nito.

Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Tuklasin | Suriin |
|---|---|---|---|
| 1. agad<br>2. magaling<br>3. nakaraan<br>4. masaya<br>5. matibay | 1. naglalaro<br>2. kumakain<br>3. nagdarasal<br>4. nagwawalis<br>5. naglalakad | 1. Opo<br>2. Hindi po<br>3. Opo<br>4. Hindi po<br>5. Opo | 1.Mataas-mababa<br>2. payat-mataba<br>3. gabi-araw<br>4. mabilis-mabagal<br>5. mahaba-maiksi |
| Pagyamanin | | | |
| Gawain 1<br>1paborito<br>2.manika<br>3.maliit<br>4.nabigla<br>5.tunay | Gawain 2<br>1. C<br>2. D<br>3. E<br>4. B<br>5. A | Gawain 3<br>1. payapa<br>2. malinamnam<br>3. marunong<br>4. wasto<br>5.masalapi | Gawain 4<br>1. S<br>2. S<br>3. S<br>4. K<br>5. S |
| | Isagawa<br>1. matalas<br>2. maliit<br>3. dukha<br>4. berde<br>5. tahimik | Tayahin<br>1. C<br>2. B<br>3. A<br>4. E<br>5. D | Karagdagang Gawain<br>Iwawasto ng guro ang isinulat ng bata batay sa kanyang mga sagot. |

# *Sanggunian*

Balaso, Alili M., Rogador, Marissa C., Abiva Publishing House, Inc.2016, Wikang Sarili 2, pages 159-163

Lozandre, Eden Dreo, ICI Ministries, Inc,2013 Wika at Buhay 3, page 135

Milambiling, Ruben M., The Library Publishing House, Inc., 2014 Bagwis 2 pages 164-165

Most Essential Learning Competencies(MELC) Filipino Grade 2 Quarter 4 page 149

Villaferte, Patricio V., Ona, Luzviminda L., Diwa Scholastic Press Inc., Pagdiriwang ng Wikang Filipino pages 64-65

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph